Filipino | Tagalog

Australian Government
Aged Care Quality and Safety Commission

Engage
*Empower*
**Safeguard**

# May karapatan ka para sa may-kalidad at ligtas na pangangalaga sa matatanda



## Ilalagay ng bagong Aged Care Act sa pang-una ang mga karapatan ng matatandang tao. Kabibilangan ito ng Pahayag ng Mga Karapatan (Statement of Rights) para sa mga matatandang tao. Itong mga pagbabago ay nagsimula sa ika-1 ng Nobyembre 2025.

Ang Pahayag ng Mga Karapatan (Statement of Rights) ay nakakatulong na magsisigurado na ikaw ang nasa sentro ng iyong pangangalaga sa matatanda. Kinabibilangan ito ng karapatan na igalang ang iyong kultura at pagkikilanlan at panatilihing konektado ka sa iyong komunidad.

May karapatan kang makadama ng kaligtasan at iginagalang, na tinatrato nang may dignidad at paggalang ng mga taong nag-aalaga sa iyo.

Kabilang dito ang karapatan sa pag-access ng pinondohang mga serbisyo ng pangangalaga sa matatanda na:

- nagpapahalaga at sumusuporta sa iyong pagkakakilanlan, kultura at kinagisnan sa buhay
- iginagalang ang iyong karanasan kabilang ang anumang trauma
- makaka-access at nakakatugon sa iyong mga pangangailangan
- ligtas sa karahasan, pang-aabuso at kapabayaan.

**Alamin ang karagdagan** tungkol sa Pahayag ng mga Karapatan (Statement of Rights) sa aming website

## Paano masisigurado na ang iyong mga karapatan ay pinapanatili

Dapat na maintindihan at sundin ng iyong tagapagbigay ng serbisyo ang Pahayag ng Mga Karapatan (Statement of Rights). Kung hindi, maaari mong iparating sa kanila ang iyong pag-aalala o reklamo. Ito ang kadalasang pinakamadali at pinakamabilis na pagresolba ng mga bagay-bagay.

Maaari mong iparating ang iyong pag-aalala o magreklamo sa Complaints Commissioner:

- **Telepono 1800 951 822** sa pagitan ng ika-9 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes.
- Aged Care Quality and Safety Commission, GPO Box 9819, sa iyong kabisera ng lungsod
- online sa www.agedcarequality.gov.au
- info@agedcarequality.gov.au

Kung kailangan mo ng isang tagasalinwika, tawagan kami sa **1800 951 822** at hilingin na magsa-ayos ng isang tagasalin. Matatawagan mo rin ang Translating and Interpreting Service (TIS) – sa **131 450** at hilingin silang tawagan kami para sa iyo.

Kung kailangan mo ng tulong para magreklamo o makahanap ng impormasyon, tawagan ang Older Persons Advocacy Network (OPAN) para sa isang libre, independiyente, at kumpidensyal na suporta. Tawagan ang Aged Care Advocacy Line sa **1800 700 600**.